


# Pagsunod kay Jesus sa Vanuatu

## Paano Sinusunod ni Emma si Jesus

Sinusunod ni Emma si Jesucristo sa pagiging mabait. Gusto niyang kaibiganin ang lahat! Mahilig siyang makipag-usap sa mga tao at makipaglaro sa iba pang mga bata. "Gusto kong makipaglaro sa mga kaibigan ko at regaluhan sila dahil gusto ko ang mga tao," sabi ni Emma. Kung minsa'y gumagawa siya ng mga kard para sa mga kaibigan at kapamilya niya.

Tinutulungan din ni Emma ang nanay niya sa pag-aalaga sa kanyang kambal na mga kapatid. Tumutulong siyang maghanda ng pagkain para sa kanyang pamilya at pinapasuso sa bote ang mga kapatid niyang sanggol. "Maganda at masaya ang pakiramdam ko kapag tumutulong ako. Alam ko na pagpapalain ako ng Ama sa Langit," sabi ni Emma.



### Maaari Mo ring Sundin si Jesus!

Ano ang nagawa mo para sundin si Jesus? Isulat at ikuwento sa amin! Pumunta sa pabalat sa likod para makita kung paano.




## Tungkol kay Emma

**EDAD:** 10

**MULA SA:** Shefa, Vanuatu

**MGA WIKA:** Ingles, Bislama, Fijian

**MGA MITHIIN:**
1) Makapagmisyon.
2) Maging piloto.

**MGA LIBANGAN:** Swimming at karaoke

**PAMILYA:** Emma, Inay, Itay, isang kapatid na babae, at dalawang kapatid na lalaki

## Mga Paborito ni Emma

**KUWENTO SA AKLAT NI MORMON:** Paglisan ni Lehi at ng kanyang pamilya sa Jerusalem (tingnan sa 1 Nephi 2)

**TRADISYON SA HOLIDAY:** Pamimigay ng mga kendi at kard sa mga kaibigan para sa Easter o Pasko ng Pagkabuhay

**MGA PRUTAS AT GULAY:** Saging, mansanas, orange, pakwan, litsugas, at carrot

**KULAY:** Pink

**AWITIN SA PRIMARY:** "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 98)